# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 25, 2024, BIYERNES, IKA-09:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RELEASED NAME mai DATE 10/28/24 TIME

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 28 OCT 2024 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 366 T2024**

**KAPASIYAHANG IDINEDEKLARANG NASA "STATE OF CALAMITY" ANG SANTA CRUZ LAGUNA SANHI NG PANANALASA NG BAGYONG KRISTINE NA NAGDULOT NG PINSALA SA BUHAY AT KALIGTASAN NG MGA MAMAMAYAN, GAYUN DIN SA KABUHAYAN, ARIARIAN, AT AGRIKULTURA SA BAYANG ITO.**

**SAPAGKAT,** may pagliliwat sa sangguniang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan para sa pagdaraos ng di-karaniwang pulong kaugnay sa kahilingang binabanggit sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ay ayon sa itinatakda ng Seksyon 52 (b) ng Batas Republika Bilang 7160;

**SAPAGKAT**, ang pagdedeklara ng "State of Calamity" ay paraan upang makakilos nang angkop ang pamahalaang bayan upang matugunan ang pangangailangan ng mga nasalanta ng Bagyong Kristine;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Lea A. Almarvez, (Tagapamuno Lupon sa Kagalingang Panlipunan, Kababaihan at Pamilya) at sinang-ayunan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Ideklarang nasa "State Of Calamity" ang Santa Cruz Laguna sanhi ng pananalasa ng Bagyong Kristine na nagdulot ng pinsala sa buhay at kaligtasan ng mga mamamayan, gayun din sa kabuhayan, ariarian, at agrikultura sa bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, Tanggapan ng Pinunong Agrikultor, Municipal Disaster Risk Reduction Office, may mga kinalamang tanggapan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakabang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 25, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 10/25/24

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

HON. RIZALDY N. KALAW Councilor

HON. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR. Councilor

HON. NORMAN T. TOLENTINO Councilor

HON. LEA A. ALMARVEZ Councilor

HON. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Councilor

HON. LUCENA R. ODEJAR Councilor

HON. ALAN T. PAMATMAT Councilor

HON. LAURA P. OBLIGACION ABC Federation President

HON. MARK ANTHONY M. JUANGCO SK Federation President

10282410